Filipino

# Mga Digital na Koleksyon ng Aklatan at mga Mapagkukunan



www.swan.wa.gov.au

/swanlibraries

/coslibraries

city of swan

## Tuklasin ang bagong mundo ng online na pag-aaral at libangan gamit ang aming mga digital na mapagkukunan. Mula sa mga eBook at eAudiobook hanggang sa mga pelikula, mga tool sa pag-aaral ng wika at marami pang iba!

Kasama ang mahigit sa 200,000 pisikal na mga aytem sa mga istante ng aming aklatan, ang library card ng Aklatan ng City of Swan ay nagbibigay sa iyo ng libre, 24/7 na access sa malawak na hanay ng mga digital na koleksyon at mga tool. Magagamit mo ang iyong computer, laptop, eReader, tablet o maging ang iyong Android o Apple mobile device sa tahanan upang simulan ang pagbabasa, pakikinig, panonood at pag-aaral nang komportable sa iyong tahanan.



# Online Mga Aklat, Magasin at Pelikula

Alam mo ba na ang pagiging miyembro mo ng aklatan ay nagbibigay sa iyo ng access sa mga eBook, eAudiobook, eMagazine at pati na rin sa mga pelikula? I-download sa iyong portable na device at i-access saan ka man pumunta. Ang aming mga platform ay tugma sa mga Android at Apple device, pati na rin sa karamihan ng mga eReader at tablet.

**CloudLibrary:** Nag-aalok ng dumaraming koleksyon ng Australian at internasyonal na eBook at eAudiobook.

**Libby/Overdrive:** Tuklasin ang mga eBook, eAudiobook at malawak na hanay ng mga eMagazine, kabilang ang Better Homes and Gardens, Women's Weekly, Vogue Living, New Idea, Gardening Australia at dose-dosenang iba pa.

**Kanopy:** Isang video streaming platform na naghahatid ng isa sa pinakamalaking koleksyon ng mga malayang pelikula, klasikong pelikula, pista at mga pang-edukasyong dokumentaryo, at mga pelikula online. Bisitahin ang Kanopy Kids para sa mga palabas sa TV, mga animated na storybook, mga pampamilyang pelikula at mga paboritong anime.

**BorrowBox:** Pinapayagan ang hanggang anim na mahihiram nang sabay-sabay sa loob ng dalawang linggo, ang BorrowBox ay nagbibigay ng access sa hanay ng mga sikat na eBook at eAudiobook.

**StoryBox Library:** Itinatampok ang mga nakakaengganyong online na kwentong pambata na binabasa ng ilan sa mga pinakamahuhusay na mananalaysay sa Australya.

**Tandaan:** Mangyaring tandaan na hindi posibleng gamitin ang Kindle eReaders para ma-access ang mga aytem sa eLibrary sa ngayon. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang seksyon ng Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions) sa aming website: **www.swan.wa.gov.au/eLibrary**

# Online na Pag-aaral ng Wika

Ikaw man ay nagsisikap na pahusayin ang iyong mga kasanayan sa Ingles o gusto mong matuto ng bagong wika, masusuportahan ng mga digital tool na ito ang iyong pagsisikap na matuto.

**Daan tungo sa IELTS:** Isang kurso sa paghahanda at pagsasanay na naglalayong tulungan kang kumpletuhin ang International English Language Test System (IELTS). Tuklasin ang mga video, mga gawain sa pakikinig, mga tulong sa paglinang ng talasalitaan, mga pagsusulit sa pagsasanay at marami pa.

**LOTE Online for Kids:** Isang bagong database ng aklatan na nagbibigay-daan sa mga bata na tamasahin ang hiwaga ng mga libro sa iba't ibang mga wika sa mga sangay ng aklatan at sa tahanan.



# Iba Pang Mga Mapagkukunan

Nagsasaliksik ka man tungkol sa kasaysayan ng iyong pamilya, kinukumpuni ang iyong sasakyan o tinutuklasan ang mundo ng mga antigong kagamitan, mayroon kaming online tool para sa iyo.

**Ancestry Library Edition:** Isang mahalagang online na sanggunian para sa pananaliksik ng talaangkanan (genealogy), ang database ng Ancestry Library Edition ay kinabibilangan ng convict index ng Australia, mga listahan ng botohan ng Australia, mga talaan ng sensus ng United Kingdom, mga talaan ng pensyon ng British Army World War I, mga talaan ng sensus ng US at marami pang iba.

**Carter's Price Guide to Antiques:** Mga gabay sa presyo para sa sining, mga antigong gamit at mga kinokolektang gamit, kabilang ang mga presyo ng mga aytem mula 1500 BC hanggang sa kasalukuyan.

**Choice Online:** Agarang access sa 5000+ resulta ng pagsusuri ng mga eksperto sa produkto at serbisyo, gayundin ang walang kinikilingang mga rebyu sa produkto, mga paghahambing at kilos ng konsyumer.

**Haynes Car & Motorcycle Repair Manuals:** Mag-access ng koleksyon ng mga manwal na sumasaklaw sa malawak na hanay ng mga gawa at modelo ng kotse at motorsiklo, na may napapanahong nilalaman kabilang ang mga karaniwang pagkukumpuni, nakagawiang pagmimintene at mga pamamaraan sa pagseserbisyo.

**Koori Mail Collection:** Mga balita, pagsusuri, patalastas at iba pang materyal na mahalaga para sa mga Aboriginal at Torres Strait Islander na mga Australyano at sa mga taong interesado sa mga gawaing Katutubo.



# Pagsisimula

Upang simulan ang pag-access sa aming mga online na koleksyon, kailangan mo ng numero ng iyong library card (na nasa itaas ng barcode sa iyong card) at ang password na inilaan para sa iyo nang maging miyembro ka ng aklatan. Makipag-ugnayan sa aklatan sa inyong lugar nang harapan o sa pamamagitan ng telepono kung hindi mo alam ang iyong password.

Maaari mong bisitahin ang website ng mga Aklatan sa City of Swan para sa mga detalyadong tagubilin at mga how-to video, mga madalas itanong at mga link sa aming mga eResource platform. Kung nagkakaproblema ka o gusto mong may tumulong sa iyo nang harapan, bisitahin ang sangay ng aklatan na pinakamalapit sa inyo at magtanong kahit kaninong kawani.

**Pampublikong Aklatan ng Ballajura**
Corner Kingfisher Avenue at Illawarra Crescent South, Ballajura
**9207 8686**

**Pampublikong Aklatan ng Beechboro**
332 Benara Road, Beechboro
**9207 8585**

**Pampublikong Aklatan ng Bullsbrook**
Sentrong ng Komunidad ng Ethel Warren Bullsbrook
Maroubra Ave, Bullsbrook
**9207 8989**

**Aklatan ng Komunidad ng Ellenbrook**
90 Main Street, Ellenbrook
**9207 8787**

**Pampublikong Aklatan ng Guildford**
97 James Street, Guildford
**9207 8880**

**Pampublikong Aklatan ng Midland**
11 The Avenue, Midland
**9267 9020**